`

PINAGSAMANG PAHAYAG NG MGA TAGAPAGBIGAY NG SERBISYONG LEGAL SA EAST BAY:

PINOPROTEKTAHAN NG PANSAMANTALANG PAGBABAWAL SA PAGPAPALAYAS NG ALAMEDA COUNTY ANG MGA NANGUNGUPAHAN PAGKALIPAS NG SETYEMBRE 30, 2021

Ang mga nangungupahan sa Alameda County ay patuloy na magiging protektado mula sa halos lahat ng pagpapalayas sa ilalim ng Pansamantalang Pagbabawal sa Pagpapalayas ng Almeda County pagkalipas ng Setyembre 30, 2021. Habang ang mga proteksyon sa buong estado sa ilalim ng AB 832 laban sa mga pagpapalayas dahil sa hindi pagbabayad ay matatapos sa Setyembre 30, 2021, ang mga lokal na proteksyon ay patuloy na poprotekta sa mga nangungupahan sa Alameda County. **Ang Pansamantalang Pagbabawal sa Pagpapalayas ay magpapatuloy sa loob ng 60 araw matapos ideklarang tapos na ang lokal na emergency sa pampublikong kalusugan. Sa kasalukuyan, ang lokal na emergency sa pampublikong kalusugan ay nagpapatuloy.** Pinoprotektahan ng Pansamantalang Pagbabawal sa Pagpapalayas ng Alameda County ang mga nangungupahan mula sa LAHAT ng pagpapalayas maliban sa mga nakabatay sa: isang napinpintong banta sa kalusugan at kaligtasan ng publiko, isang pagpapalayas ayon sa Ellis Act, o isang kautusan ng gobyerno na bakantehin ang gusali. **Ang lahat ng nangungupahan ay protektado mula sa LAHAT ng iba pang pagpapalayas.** Bilang karagdagan, ang mga multa, bayarin, at interes sa naantalang pagbabayad ay ipinagbabawal. At, anumang aksyon ng landlord na taliwas sa pansamantalang pagbabawal ay mapapatawan ng multa na $1000 bawat paglabag, maging sa kriminal sa maliit na pagkakasala.

Upang maprotektahan hangga't maaari, dapat magsumite ang mga nangungupahan na pinansyal na naapektuhan ng COVID ng Deklarasyon ng Paghihirap sa COVID-19 sa kanilang landlord at, kung kaya nila, bayaran ang 25% ng kanilang utang sa renta mula Setyembre 2020 hanggang Setyembre 2021 sa Setyembre 30, 2021. Gayunpaman, kahit natapos na ang AB 832 sa Setyembre 30, 2021, **ang mga nangungupahan sa Alameda County ay pinoprotektahan mula sa halos lahat ng pagpapalayas sa ilalim ng Pansamantalang Pagbabawal sa Pagpapalayas ng Alameda County, kahit na hindi nila nagawang bayaran ang anumang pagkakautang sa renta.**.

Ang pandemya ay patuloy na lumilikha ng walang kahalintulad na malawakang krisis sa pampublikong kalusugan na nagpapalala sa umiiral nang krisis sa pabahay sa Alameda County. Kaming lahat ay abogado ng nangungupahan na nagtatrabaho upang mapagaan ang krisis na ito sa loob ng maraming taon. Kahit marami sa aming pisikal na tanggapan ay sarado, patuloy kaming nakikipagtulungan at nagtataguyod para sa mga nangungupahang mababa ang kita sa panahon ng krisis. Nakikinig kami ngayon mula sa mga miyembro ng komunidad na lubhang natatakot na mapalayas kapag natapos ang proteksyon ng estado. **Ang mga nangungupahan sa Alameda County ay nananatiling protektado ng lokal na pansamantalang pagbabawal sa pagpapalayas kahit natapos na ang proteksyon ng buong estado.**

Ang Pansamantalang Pagbabawal sa Pagpapalayas ng Alameda County ay hayagang pinapahintulutan ng batas ng estado sa ilalim ng seksyon 1179.05 *et. seq.* ng California Code of Civil Procedure (Kodigo ng Pamamaraang Sibil ng California). Kung ikaw ay nakatanggap ng isang abiso ng pagpapalayas o pagpapatawag at reklamo, o kung ikaw ay humaharap sa panggigipit ng landlord, **mangyaring tawagan ang organisasyon sa mga karapatan ng mga nangungupahan para sa anumang mga katanungan**:

Bay Area Legal Aid (Legal na Tulong sa Bay Area), (888) 382-3405
Centro Legal de la Raza, (510) 437-1554; tenantsrights@centrolegal.org
East Bay Community Law Center (Sentro ng Batas sa Komunidad ng East Bay), (510) 548-4040, ext. 201
Eviction Defense Center (Sentro ng Pagtatanggol sa Pagpapalayas), (510) 452-4541
Legal Assistance for Seniors (Legal na Tulong para sa mga Matatanda), (510) 832-3040, ext. 344